

Modelo ng Pagdadala: Lapit at Gamit (*Burden Bearing Model: Approach and Application*)

John Mark S. Distor, PhD, DBA, Rpm

Polytechnic University of the Philippines

jmsdistor@pup.edu.ph

Henmar C. Cardino, MP, CSIOP, DiplR, Rpm

University of Santo Tomas

henmarcardino@gmail.com

ABSTRAK

Ang papel na ito ay may layuning galugarin ang mga angkop at ganap na lapit (*approach*) at gamit (*application*) ng Modelo ng Pagdadala ni Dr. Edwin T. Decenteceo (1997, 1999) sa larangan ng Sikolohiyang Pilipino. Gamit ang *Thematic Analysis*, tinampok ang matitingkad na tema na hango sa mahigit dalawangpu't pitong artikulo mula sa iba't-ibang karanasan, pananaliksik, at aklat. Ang pitong matitingkad na temang nabuo ay ang mga sumusunod: (1) Gamit sa Sikolohiyang Pang-klinikal; (2) Lapit sa Sikolohiyang Pang-klinikal; (3) Gamit at Lapit sa Sikolohiyang Pang-industriya; (4) Gamit at Lapit sa Sikolohiyang Pang-edukasyon; (5) Gamit at Lapit sa Komunidad; (6) Gamit sa *Psychological First Aid* (PFA); at (7) Lapit sa Ispiritwalidad. Ang Modelo ng Pagdadala ay maari pang pagyabungin dahil ito ay hango sa karanasan nang mga Pilipino at ang bawat indibidwal ay may kanya-kanyang kuwentong dinadala.

Mga Susing Salita: *Sikolohiyang Pilipino, Modelo ng Pagdadala, lapit (approach), gamit (application), dinadala*

ABSTRACT

This paper has the objective of exploring the appropriate and right approach and application of the Pagdadala Model of Dr. Edwin T. Decenteceo (1997, 1999) in the field of Filipino Psychology. Using Thematic Analysis, the researcher features highlighted themes from not more than twenty-seven articles based on different experiences, researches, and books. The seven highlighted themes are the following: (1) Application on Clinical Psychology; (2) Approach on Clinical Psychology; (3) Application and Approach on Industrial Psychology; (4) Application and Approach on Educational Psychology; (5) Application and Approach on Community; (6) Application on Psychological First Aid (PFA); and (7) Approach on Spirituality. The Pagdadala Model can be developed because this is based on the experiences of Filipinos and every individual has their own story of burden-bearing.

Keywords: *Filipino Psychology, Pagdadala Model, approach, application, burden-bearing*

PANIMULA

Sa aking karanasan sa larangan ng sikolohiya, pili o iilan lamang ang naengkwentro kong indibidwal na maalam sa mga konsepto at teorya sa larangan ng Sikolohiyang Pilipino, at ina-angkop nila ito sa kanilang kasanayan. Iilan lang din ang aking mga kakilala ang may kakanyahang tumukoy o tukuyin ang mga konsepto at teorya sa Sikolohiyang Pilipino. Sa parehong paraan, nabibilang din lamang ang mga kilalang Pilipinong Sikolohista ang may ganap na ambag sa nasabing larangan. Sa kasalukuyan, madalas maka-kanluraning konsepto at teorya ang ginagamit sa mga interbensyon sa kanilang mga kliyente, na maaring hindi angkop, ganap, o praktikal sa mga Pilipino.

Ayon kay Virgilio G. Enriquez (2018), ama ng Sikolohiyang Pilipino, ang Sikolohiyang Pilipino ay ang Sikolohiyang bunga ng karanasan, kaisipan, at oryentasyong Pilipino. Nabatid din nila Pe-pua at Protacio-Marcelino (2018) na binigyang kahulugan ni Enriquez (1985) ang Sikolohiyang Pilipino bilang isang pag-aaral ng diwa na nagpapahiwatig sa malawak at mayamang hanay ng mga kaisipang tinutukoy ng konseptong pilosopikal na loob (essence), at mga konseptong sikolohikal mula sa kamalayan hanggang sa ugali, kilos o gawi. Iilan sa mga konsepto at teorya sa Sikolohiyang Pilipino ay ang Modelo ng Kapwa ni Dr. Virgilio G. Enriquez, ang Tagasalo Personality ni Dr. Ma. Lourdes A. Carandang, ang Modelo ng Pagdadala ni Dr. Edwin T. Decenteceo, at iba pa, tulad ng Modelo ng Pag-aamuma at Paghahalaw.

Ipinakita ni Enriquez, ang kahalagahan ng kapwa bilang isang integral na konsepto sa mga pag-aaral ang pakikipag-ugnayan o ang panlipunang interkasyon ng mga Pilipino (Aquino, 2007). Tinukoy ni Santiago at Enriquez (2018) ang dalawang katagorya ng interaksyon, ang ibang tao (*“outsider”*), at ang hindi ibang tao (*“one-of-us”*). Sa ilalim nito, may walong antas at uri ng ugnayang matatagpuan sa wikang Filipino na maaring gamitin sa pananaliksik. Ang mga ito ang mga sumusunod: para sa Ibang-tao, Pakikitungo (*transaction or civility with*); Pakikisalamuha (*interaction with*); Pakikilahok (*joining or participating*); Pakikibagay (*in-conformity with or in-accord with*); at Pakikisama (*being along with*). Para naman sa Hindi-ibang-tao; Pakikipagpalagayang-loob (*being in-rapport and understanding or acceptance with*); Pakikisangkot (*getting involved*); at Pakikiisa (*being one with*). Tulad ng nabanggit ni Aquino (2007), para kay Enriquez, ang kapwa o pakikipagkapwa ang batayang konseptong nasa kaibuturan ng anumang uri o antas ng pakikipag-ugnay sa kontesktong Pilipino. Sa Talahanayan 1 pinapakita ang Kapwa bilang batayan ng konsepto ni Enriquez.

Talahanayan 1

Ang Kapwa bilang Batayang Konsepto (Enriquez 1978)

Behavior Patterns and Value Structure: Surface, Core, and Societal			
<i>Colonial/ Accommodative Surface Values</i>	hiya (Propriety/dignity)	utang na loob (gratitude/ solidarity)	pakikisama (companionship/ esteem)
<i>Associated Behavior Patterns</i>	biro (joke)	lambing (sweetness)	tampo (affective disappointment)
<i>Confrontative Surface Value</i>	bahala na (determination)	sama/lakas ng loob (resentments/guts)	pakikibaka (resistance)
<i>Pivotal Interpersonal Value</i>	Pakiramdam (Pakikipagkapwa-tao) (shared inner perception)		
CORE VALUE	KAPWA (Pagkatao) (shared identity)		
<i>Linking Socio- Personal Values</i>	Kagandahang-loob (Pagkamakatao) (shared humanity)		
<i>Associated Societal Values</i>	karangalan (dignity)	katarungan (justice)	kalayaan (freedom)

Unang nailahad naman ni Carandang, isang sikolohista pang-klinikal ang “tagasalo” o “mananalo” syndrome sa aklat niyang *Filipino Children Under Stress* (1987). Ayon sa kanya:

Tagasalo comes from the root word salo, which means “to catch.” With the prefix taga it means “one who catches.” Used colloquially, the word refers to one who “takes care, or one who comes to the rescue.” Mananalo is a synonym of tagasalo. (p. 47)

Naniniwala si Carandang na may tagasalo sa bawat pamilya (Udarbe, 2001). Nilinaw ni Carandang ang pagkakaiba ng *non-compulsive* tagasalo at ang *compulsive* tagasalo. Ang *non-compulsive* tagasalo ay ang isa na sumasakop sa tungkulin ng tagapagalaga nang natural at isinasagawa ito nang hindi pinilit na makaalis dito. Samantala, ang *compulsive* tagasalo ay sinubukan nang husto upang makilala at maaprubahan ng kanyang mga magulang, palaging inaasahan ang mga pangangailangan ng ibang tao dahil siya mismo ang alagain.

Ang Modelo ng Pagdadala ni Decenteceo (1999) naman ay may anim na aspeto: Nagdadala (*The Burden Bearer*), Dinadala (*The Burden*), Pagdadala (*The manner by which the burden bearer carries the burden*), Patutunguhan (*The destination of the burden bearer*), Pagdadaan (*The path of the burden bearer*), at Pinagdadaan (*The experiences of the burden bearer on the way to the destination*). Ang bawat isa ay may kanya-kanyang paraan ng pagdadala, may mga taong magaan magdala, mayroon ding iba na sumusuko dahil sa mga nararamdamang bigat ng dalahin. Nilinaw ni Decenteceo (1999) na ang daan patungo sa mithiin o layon ay maaaring patag o baku-bako at sa paglalakbay patungo sa mga ninanais marating ang isang indibidwal ay maaaring may mga makakasalubong na maaaring makakatulong sa pagdadala o higit na makakapagpahirap rito. Sa bawat pagsubok at sa mga pagkakataong mabigat ang dalahin, ang isang mahihingahan ay isang napaka-malaking tulong. Ang kwento ng Pagdadala ay makakatulong malaman ang mga mithiin at pinahahalagahan ng isang tao o ng isang komunidad. Dito makikita at maririnig ang mga karanasan gaya ng pamumuhay at pagtingin sa buhay ng nagsasalaysay. Kung ang kwento ng isang counselor o therapist ay isang halimbawa ng kwento ng Pagdadala, baka higit na maunawaan ang kwento ng iba pang Nagdadala at mas matulungan sila dahil lahat tayo ay may Dinadala (Decenteceo, 2010).

Isa sa bagong konsepto na aking nakita ay ang Pag-amuma. Ang Pag-amuma ay salitang Binisaya na ginagamit sa pagsasaka. Unang nabanggit ito ni Decenteceo noong sinulat nya ang Pagdadala noong taong 1997. Ayon kay Decenteceo (2017), mayroong tatlong pangunahing sangkap ang Pag-amuma: ito ay dapat naka-angkop sa (1) Tamang Panahon ang mga pamamaraan; (2) ang Nagtanim ay dapat nakaantabay sa lahat ng maaaring mangyayari at ang mga ito ay ginagawa ng nagtanim o nag-aaruga batay sa kanyang mga (3) Pinapahalagahan. Ang kasiyahan ng nagtanim o nag-aruga ay ang makitang umunlad at maging matagumpay ang kanyang mga inarugaan. Ginamit ni Decenteceo ang Modelo ng Pagdadala bilang gabay sa pag-aalaga. Samantalang ang Modelo ng Pag-amuma naman ay gabay sa pag-aaruga ng isang pamilya, ng isang estudyante, ng isang empleyado, o kahit maging ang mga kapwa nating nilalang.

Samantala, ang Paghahalaw ay isang proseso ng pagkuha ng mga panguna't pinakabuod na mga ideya mula sa isang teksto o sitwasyon (Decenteceo at Maranan, 2011). Ayon kina Decenteceo, Maranan, Raymundo, at Santiago-Saamong (2016), mayroong tatlong aspeto ang Paghahalaw. Una ay ang paghahayaang lumitaw ang konsepto, pangalawa ang pagsasaliksik tungkol sa lumitaw na konsepto, at ang pangatlo ay ang pagpapalawig sa mga lumitaw na konsepto. Ninanais nila Decenteceo at iba pa, na ang taal na konsepto ng Paghahalaw ay makatulong sa iba pang mga mananaliksik at mga akademiko upang makatuklas ng iba't iba pang mga taal na konseptong maaring magmumula sa mga wikang katutubo ng Pilipinas.

Mula sa iilang halimbawang mga konsepto, teorya, at modelo sa Sikolohiyang Pilipino, ang papel na ito ay nakatuon lamang sa Modelo ng Pagdadala ni Decenteceo (1997, 1999). Layunin ng pananaliksik na ito ang mapahayag ang mga matitingkad na tema sa angkop na lapit at gamit nang nasabing modelo sa larang ng sikolohiya.

PAMAMARAAN

Ang papel na ito ay gumamit ng isang kwalitatibong pamamaraan. Gamit ang *Thematic Analysis* tinampok ang matitingkad na lapit (*approach*) at gamit (*application*) ng Modelo ng Pagdadala ni Decenteceo sa larangan ng sikolohiya sa bansa. Ang mga nabuong tema ay hango sa mahigit na dalawangpung pitong artikulo, aklat, panayam, karanasan, at iba't ibang pag-aaral ng mga iba't ibang mananaliksik mula 1997, hanggang 2022. Ang mga ito ay pinili batay sa kung paano ginamit ang Modelo ng Pagdadala bilang isang lapit o gamit sa iba't ibang larangan ng sikolohiya sa Pilipinas.

KINASAPITAN

Sa bahaging ito nang pag-aaral, ipapakita at ibabahagi ang pitong matitingkad na temang tumutukoy sa lapit at gamit ng Modelo ng Pagdadala ni Decenteceo (1997). Ang mga nabuong tema ay ang mga sumusunod: (1) Gamit sa Sikolohiyang Pang-klinikal; (2) Lapit sa Sikolohiyang Pang-klinikal; (3) Gamit at Lapit sa Sikolohiyang Pang-industriya; (4) Gamit at Lapit sa Sikolohiyang Pang-edukasyon; (5) Gamit at Lapit sa Komunidad; (6) Gamit sa *Psychological First Aid* (PFA); at (7) Lapit sa Ispiritwalidad. Ang mga tema ay maaring i-angkop sa dalawang uri ng sikolohiya, ang dalisay (*pure*) o gamitin (*applied*). Ayon kay Lardizabal (1989), ang sikolohiyang dalisay ay may-kinalaman sa pag-unlad at pagtuklas ng mga simulaing pangkalahatan at mga batas ng kaugalian. Samantalang ang gamiting sikolohiya ay tumutukoy sa aplikasyon ng mga natuklasan ng dalisay na sikolohiya sa mga praktikal na sitwasyon sa buhay.

Gamit sa Sikolohiyang Pang-klinikal

Ginamit ni Decenteceo (2015) ang kuwento ng Pagdadala upang tuklasin ang mga katutubong termino o tawag na magagamit sa saykoterapi at pagturo o pagsasanay ng mga para-professional counselor na may kaunti o kahit wala man lang pormal na edukasyon. Ayon kay Versoza (2012), agad itong nakukuha at nauunawaan dahil simple ang terminong ginamit at hindi alien sa wika o kulturang kinalakhan. Ginamit din ang Pagdadala upang masuri ang mga usaping kaugnay sa “burnout”, “pagpapatawad,” “pinatakasi”, at “pagkaka-demoralays.” Sa pamamagitan ng Pagdadala, sinuri din ang

“depression” ng mga mahihirap, ang pagtulong sa mga nasalanta ng bagyo o sakuna, at ang mga iilang relasyon na may mga banta.

Nilayon ni Alvarez (2010) na alamin ang kalagayan ng depresyon sa pook rural gaya sa bayan ng Gabaldon sa Nueva Ecija, sa pamamagitan ng pagtuklas sa kabuuang karanasan at pagharap sa depresyon ng mga kalahok nito. Ginamit niya ang Modelo ng Pagdadala ni Decenteceo (1997, 1999) upang tignan ang karanasan ng mga kalahok sa depresyon bilang dinadala ng isang tao tungo sa kanilang mga mithiin sa buhay. Dulot ng kahirapan ang mga nabanggit na elemento ng pook rural gaya ng kawalan ng pasilidad, at oportunidad upang suportahan ang kabuhayan ng mga pamilya ang naging pangunahing ugat o sanhi ng pagdanas ng mga ito ng depresyon. Maaaring tuwiran at di tuwiran ang mga epekto ng kahirapang nadarama na humahantong sa depresyon. Tuwiran kung saan ang aktuwal na kawalan ng mapagkukunan ng makakain o mapagkakakitaan ay humantong sa depresyon. Di tuwiran naman kung tulay lamang ang kahirapan upang makaramdam ng mga sintomas ng depresyon ang isang indibidwal. Lumalabas din sa pag-aaral na napakahalaga ng gampanin ng mga pamilya, at mga kaibigan sa kabuuang pagdadala ng isang taong dumaranas ng depresyon. Ang mataas na social support ay may malaking tulong sa pagpapabuti ng kanilang mga kalagayan. Nakikita naman ng mga kalahok ang pag unlad ng buhay at pagtatag ng mga relasyong kanilang kinabibilangan bilang destinasyon. Nakagagaan nang kalooban ang mga paminsan-minsan nilang paghiling sa mga taong pinagkakatiwalaan nila ng lubos na siya ring itinuturing na mga kapwa nagdadala. Karaniwan itong mga gampanin ng isang asawa, kaibigan, kapitbahay, o ng mga kapatid. Malinaw kay Alvarez (2015) na ang depresyon sa pook rural ay isang dinamikong sistema na nagpapakita ng ugnayan ng mga tao at konteksto.

Ginamit nila Blanco at Acoba (2016) ang narrative analysis para sa kanilang layuning malaman ang kwento ng mga magulang, ang mga frustrations ng ng mga ito sa kanilang mga anak, at ang pagdadala sa frustrations sa kanilang anak gamit. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang kwento ng mga magulang ay mga kwento din ng mga responsibilidad. Nakita sa pag-aaral ang iba’t ibang frustrations ng mga magulang sa kanilang mga anak. Ang mga frustrations ng magulang ay halimbawa ng hindi pagtatapos ng mga anak sa kanilang pag-aaral, hindi pagtulong ng anak pagkatapos makapagtapos ng pag-aaral, maagang pagbubuntis, pag-aasawa at pagpapamilya, ang hindi pagtulong, pagsuporta, at pagpaparamdam ng mga anak sa kanilang magulang na hindi na sila kailangan. Ang mga magulang ay may iba’t ibang pagdadala namang ginagawa sa mga frustrations na nararansan nila sa kanilang mga anak. Ang pananampalataya sa Diyos ang pangunahin nilang pagdadala. Ang paghingi ng gabay ang kanilang ginagawa at pagdadasal sa maykapal, ang pakikipag-usap at pagdalaw sa mga kapatid, kamag-anak, at kaibigan, paglilibang gaya ng pagtitinda sa palengke at pagsusugal, pananitili rin sa bahay gayun din ang pagsasawalang kibo, at hindi pagpansin sa sinabi ng ibang tao, kasama rin sa pagdadala ng mga magulang ang pagbibigay katwiran sa mga pangyayari, at pagkausap

sa mga anak. Lumabas rin dito na ang pagdadala ng mga magulang ay para pa rin sa pagpapatuloy ng kanilang mga responsibilidad sa kanilang mga anak.

Ang Asperger ay isang katawagan sa mga itinuturing na taong nakikitaan ng dunong at kakayahan nguni't may natatanging suliranin sa istilo ng pag-iisip na may hawig sa kakulangang makikita sa mga taong itinuturing na may *high functioning autism*. Tinalakay ni Principe (2012) sa kanyang papel ang tungkol sa Pagdadala ng Ginhawa at Kabuoan sa mga bata at kabataang may Asperger. Ang kanyang pagtulong sa mga batang may Asperger ay may layunin na higit na maging buo at may ginhawa sa buhay sa pamamagitan ng mga programa ng pagsabay.

Nais naman malaman nila Camacho at Saludez (2014) ang mga karanasan ng kabataan sa paghihiwalay ng kanilang mga magulang. Ang mga salik na natukoy sa kanilang kwalitatibong pananaliksik ay ang mga suliraning hinarap, pagbabagong nangyari, paraan ng pagharap, social support, at mga mithiin. Gaya nang ibang pananaliksik, ginamit din ang Modelo ng Pagdadala ni Decenteceo (1997, 1999) sa pag-aanalisa. Lumabas sa kinasapitan na ang mga kabataan ay nagkaroon ng mga hindi kaaya-ayang mga damdamin sa paghihiwalay ng kanilang mga magulang. Ang mga pangunahing suliranin ng mga kabataan ay ang kawalan ng komunikasyon sa kanilang mga magulang. Ngunit, ilan sa mga positibong pagbabago sa mga kabataan ay ang magandang relasyon sa kanilang ama, pagkakaroon ng tiwala sa sarili, pagkakaroon ng kakayahang hindi umasa sa iba, at pagkakaroon ng katahimikan sa pag-aaway ng kanilang mga magulang. Hinaharap ng mga kabataan ang kanilang suliranin o hamon sa buhay sa pamamagitan ng paglilibang, pananampalataya sa ating panginoon at pagbabasa ng bibliya, pagbabahagi ng kanilang mga karanasan sa kaibigan, at pagtutuon ng pansin sa kanilang pag-aaral upang kahit paano ay makalimutan ng mga kabataan ang kanilang negatibong karanasan. Ang panginoon, magulang, kapatid, kasintahan, kaibigan, at kamag-anak ang ilan sa mga tumulong sa mga kabataan sa pagdadala ng kanilang suliranin. Sa panghuli, magkakatulad ang mga kabataan sa kanilang mga mithiing makapagtapos ng pag-aaral, magkaroon ng magandang buhay, makatulong sa kanilang mga magulang at kapatid, at kagustuhang maging matagumpay sa kanilang tatahaking larangan.

Inalam ni Dela Cruz (2014) ang karanasan ng mga natatanging ina na may *Children with Special Needs* (CSN) sa pamamagitan din ng konsepto ng Pagdadala ni Decenteceo (1997, 1999). Ang mga tema ay hinango sa apat na aspeto ng Pagdadala: ang dinadala, ang pagdadala, ang pinagdadaanan, at ang patutunguhan. Nakita sa pag-aaral na ang mga dinadala ay tungkol sa tungkulin, gawain, at responsibilidad ng mga ina sa pag-aaruga ng kanilang anak. Ilan sa mga natukoy na dinadala ay ang mga di-pangkaraniwang asal, ugali o kilos (*unusual behaviors or obvious impairment*) ng mga ito. Ang mga inang may CNS ay nakakaranas ng pagkabahala o malaking palaisipan para sa mga kinikilos o pag-uugali ng kanilang mga anak. Pangalawa sa kanilang mga dinadala ay ang pagkalap ng *diagnosis*, at

lunas o interbensyon. Karamihan sa mga ito ay kinakailangang pumunta sa mga syudad para sa tamang diagnosis sa kadahilanang walang doktor, klinika, at *therapy centers* para sa kanilang anak sa probinsya ng Nueva Vizcaya na dumadagdag sa kanilang dinadala. Samantala, ang Pagdadala naman ng mga inang may CNS ay tumutukoy sa kung paano nila hinaharap o ginagampanan ang pag-aaruga sa mga ito. Noong una, ang mga ina ay nakararanas ng mabigat na pagdadala sapagkat sila ay nakararanas ng negatibong emosyon o hindi kaaya-ayang mga damdamin. Ang unang temang aspeto nito ay ang buhay na nababalot ng lungkot, at kahihayan (*living in sorrow, denial, guilt, or shame*). Ngunit sa kalaunan, sa tulong ng pamilya, at pagtanggap ng lipunan, karamihan sa kanila ay natututunang tanggapin ng buong puso ang kundisyon ng kanilang mga anak. Napapadali ang pagtanggap sa pamamagitan ng mga positibong pananaw, ng suportang ispiritwal, at ang paniniwalang ang kanilang anak ay isang biyaya ng Diyos. Ang mga pang-araw-araw na tinatahak ng mag-ina ay isa sa kanilang pinagdadaanan. Ang bawat isa sa kanila ay nakakadanas ng pagsubok sa pag-aalaga, at pagpapalaki ng kanilang mga anak na may CNS. Ang iba sa kanila ay piniling isakripisyo ang mga sariling ambisyon para sa kanilang anak. Sa mga inang nagtatrabaho naman ay isang puspusang pagbabalanse ang kinakailangan upang matugunan ang pangangailangan ng kanilang anak. Sila din ay nakararanas ng diskriminasyon dahil sa kamangmangan, maling paghahatol, at negatibong pananaw mula sa iba't ibang tao. Sa huli, ang mga dinadala upang mapagaan ang pasanin ay ang kanilang mga patutungguhan. Sa mga natatanging ina, mahalagang sila ay magkaroon ng mga positibong pananaw upang makamit ang mga pangarap nila para sa anak. Naniniwala ang mga ito na may magandang kinabukasan ang kanilang anak kahit sila ay may natatanging kalagayan. Isang lubos na sakripisyo at pasensya ang kinakailangan upang matuto silang tumayo sa kanilang sariling mga paa. Sila ay dapat matutong makuntento kahit sa simpleng kakayahan na maipapakita o naipapamalas ng kanilang anak at ituturing itong malaking bagay na dapat nilang mapagmamalaki.

Gamit ang Modelo ng Pagdadala ni Decenteceo (1997, 1999), gumawa ng magkahiwalay na analisis si Mangaran (2014) para sa ginawa nitong pagsusuri sa mga karanasan ng nagja-Japan at sa partner nito. Nagsisimula ang Pagdadala ng mga kalahok noong sila ay naging “kami na” (nagdadala). Sa pag-aaral ni Mangaran (2014), higit na marami ang dinadala ng nagja-Japan, at ang mga ito ay (1) ang kanyang pamilyang pinanggalingan, (2) ang kanilang partner, (3) mga anak, kung meron man, at (4) ang kanyang trabaho na kinabibilangan ng pakikipag-ugnayan sa mga kustomer na Hapon. Ang tanging dinadala ng partner bilang kalahok ay ang nagja-Japan. Kaya’t mas masalimuot ang Pagdadala ng kanyang asawang babae. Para magampanan ang lahat ng tungkulin sa pamilya, at trabaho, isinasaayos ng nagja-Japan ang kanyang mga pang-araw-araw na gawain. Natutunan nitong bigyang-linaw ang mga gawain at mga ugnayan na mayroon siya. Sa paglilinaw na ito sa kanyang mga dinadala ay nakatulong sa pagharap ng mga Pilipinong partner sa mga bantang dulot ng trabaho ng nagja-Japan. Sa pagsasaayos ng nagja-Japan sa kanyang mga tungkulin, pamilya at trabaho, lumilina sa partner ang

itinatakbo ng buhay ng kanyang asawang nagja-Japan. Gumagaan ang mga mabibigat o mahihirap na dinadanas kapag kinilala, naunawaan, at tinanggap ng mga kalahok ang dinadala ng kani-kanilang asawa. Sa pamamagitan nito, kahit pa sa gitna ng mga banta, pinagsusumikapan ng bawat kalahok na maging tapat at maipakita ang katapatan sa araw-araw. Ginamit din ni Mangaran noong 2010 ang parehas na modelo upang tignan ang mga nasasaloob ng mga taong nasa ganitong pagsasama at kung paano nila napapanatili ang kanilang mga ugnayan o relasyon.

Ang pag-aaral ni Valbuena (2010) ay tungkol naman sa pagpapatawad. Ang kanyang pananaliksik ay may layuning makahalaw o makasipi ng pagpapakahulugan ng Pagpapatawad, upang mailahad ang (1) mga aspeto ng Pagpapatawad, (2) mga salik sa pag-usad ng Pagpapatawad, (3) mga pamamaraan at kadalubhasaang nakapaloob, at (4) mga kaugnay na konsepto sa Pagpapatawad. Ang konsepto ng Pagpapatawad sa pag-aaral ni Valbuena (2010) ay gumamit din ng Modelo ng Pagdadala sa pag-aanalisa, kung saan ang pagpapatuloy ng mga relasyon, at pagdadala ng mga karanasan ay pinadadali ng Pagpapatawad. Mayroong dalawang pamamaraan o proseso ang Pagpapatawad, ang Pagtanto at Pagbitaw, na maaring gamitin sa relasyon o sa mga karanasan. Sa ilalim ng Pagtanto ay ang proseso ng pagbibigay-katwiran, pag-unawa, at pagpapakahulugan. Bahagi naman ng Pagbitaw ang proseso ng pagpapalipas at paglimot. Ang paggamit ng mga prosesong ito ay makapagdudulot ng mas magaan at maaliwas na relasyon o karanasan na pinahihintulutan ang patuloy na pagdadala sa mga ito. Sa pag-aanalisa ng Pagpapatawad gamit ng nasabing modelo ay nagdulot ng ibang pakahulugan sa konsepto nito kumpara sa salitang *Forgiveness*.

Mula sa mga nakalap na mga pag-aaral, makikita na ginamit na ang Modelo ng Pagdadala sa mga usapin sa Depression, Frustrations, at kaginhawaan ng may mga Asperger. Ginamit din ang modelo sa mga natatanging karanasan ng isang indibidwal tulad ng mga kabataang may karanasan ng paghihiwalay ng kanilang mga magulang, mga inang may CSN, ng mga nagja-Japan at ng mga katuwang nito, at sa pagproseso ng pagpapatawad.

Lapit sa Sikolohiyang Pang-klinikal

Ang Paghihinga ay unang itinuring ni Decenteceo (1997) bilang isang mahalagang proseso sa counseling. Ipinaliwanag niya na ang Paghinga ay isang makabuluhang pamamaraan ng pagharap sa isang mahirap na sitwasyon o sa mga hamon sa buhay, at ito ay likas sa mga Pilipino. Ang Paghihinga ay ang paglalahad o pagkukuwento ng Pagdadala ng isang Pilipino lalo na sa mga panahong siya ay nahihirapan o nabibigatan at dito ay walang inaasahang tugon mula sa napiling Mahihingahan. Sa pagtatapos ng paghinga, lumuluwag o maaring gumagaan ang pakiramdam ng partiukular na naghinga. Ayon kina Decenteceo at Mangaran (2014), ang unang sesyon ay maaaring hindi pa malinaw ang

layunin ng kliyente, ngunit ang nais ay simpleng makahinga lamang. Dahil ang paghinga ay likas sa mga Pilipinong kliyente, ipinagpapalagay nilang hindi na kailangan pang ipaliwanag pa ang pagpunta sa isang propesyonal. Para sa mga therapist ang unang sesyon ay isang pagsusuri kung saan ito ay gumagawa ng paunang diagnosis at mga plano para sa mga susunod na sesyon. Sa ikalawang sesyon, tinitiyak ng isang therapist ang kanyang diagnosis. Tatalakayin nito at kukumpirmahin sa kliyente ang mga paunang bahagi ng interbensyon. Nakapaloob sa tungkulin ng sikolohista o counselor ang kanyang pagpayag na muling mahihingahan. Subalit pananagutan din ng sikolohista at counselor na ipaalam sa kliyente na batay sa mga ibinahagi ng huli, hindi sapat ang simpleng paghinga lang at ang suliranin o nararamdamang hirap ay maaaring mangyaring muli. Kung umayon ang kliyente, ang tungkulin at gawain ng counselor ay mapapag-usapan at dapat mapapagkasunduan. Gayunpaman, kinakailangan pa ring maging bukas, at sa huli ang mga susunod na sesyon ay simpleng paghinga lang ng mga kliyente.

Sinaad din ni Decenteceo at Mangaran (2016) na ang mga sikolohista o counselor ay maituturing na mga “propesyunal” na Mahihingahan. Sa pagpapakahulugan, ang isang propesyunal na Mahihingahan ay sumasabay sa daloy ng paglalahad o kwento ng kanyang kliyente. Sa pamamagitan ng kawalan ng paghuhusga, pinapalitaw nito ang mga nararamdaman ng kanilang mga kliyente. Pinapalitaw din ng mga sikolohista o counselor ang hindi nakikita ng kliyente na pinagmumulan ng mga bigat na nararamdaman nito. Pinaparamdam at pinapakita nito ang kanyang malasakit at pang-unawa. Ang relasyon ng sikolohista o counselor at ang kliyente ay nakabibigay ng lakas ng loob at panatag ng loob sa huli. Ang kapanatagan ng loob ng isang kliyente ay palatandaan na nagampanan ng sikolohista ang pagiging mabuting Mahihingahan. Walang personal na relasyon ang Mahihingahan sa isang kliyente, hindi tulad ng mga itinuturing na Mahihingahan sa mga komunidad (mga pinuno ng barangay at simbahan, kinikilalang nakatatanda, kaibigan, atbp.). May mga magagawa ang Mahihingahan mula sa komunidad na hindi masasaklaw ng propesyonal na relasyon at etika ng mga Mahihingahan. Halimbawa nito ay ang kapangyarihan o impluwensiya ng Mahihingahang pinuno o kaibigan sa mga desisyon at mga taong nakapaligid sa taong may suliranin. Ang pagsasaayos ng mga suliranin o buhay ng kliyente ay hindi kasama sa trabaho ng mga Mahihingahan. Ganunpaman, kung huminahon ang loob ng kliyente, maaring madali na tumuloy sa proseso ng pagsasaayos kung kinakailangan.

Ang Modelo ng Pagdadala bilang isang lapit sa Sikolohiyang Pang-klinikal ay tumutukoy sa paghinga ng isang kliyente sa isang Sikolohista, Counselor or Therapist. Kasama dito ang pagkukuwento ng pagdadala, pagpapalitaw ng nararamdaman, relasyon, at kapanatagan ng mga kliyente.

Gamit at Lapit sa Sikolohiyang Pang-industriya

Ang Pagdadala Model din ay nagagamit sa mga Pagsasanay. Ginamit ni Versoza noong 2012 ang nasabing modelo sa isang pagsasanay sa *Psychosocial Processing*, kung saan ito ay nakatutok sa pagsasapraktika ng nasabing modelo. Bahagi ng mga elemento ay ang pag-uugnay, pagtukoy sa suliranin, pagkilala sa angking pamamaraan ng pag-igpaw sa problema, at paghugot ng bukal na lakas o ang mga aspeto ng *resilience*. Ayon kay Verzosa (2012), naisapraktika nang modelong ito ang pagproseso ng mga kabataan (nag-aaral man o nasa lansangan), mga komunidad na nasalanta ng disaster, mga guro, boluntir ng simbahan, kawani ng *Non-Government Organization* (NGO), at *People Organization* (PO) maging sa pagsasanay ng mga security officer ng *Bureau of Corrections* (BOC) sa Muntinlupa, at sa *Department of Justice* (DOJ) *Witness Protection Program*.

Nagamit din ni Cardíño (2020) noong 2019 ang Pagdadala Model sa isang pagsasanay ng *Stress and Coping Management* bilang gabay sa pag-tasa sa *Psychological Burdens, Coping Strategies, at Resiliency Resources* sa mga manggagawa sa *Microfinance Industry*. Ayon kay Cardíño (2020) ang limang pangunahing sanhi ng stress o *psychological burdens* ay mga bagay na may kaugnay sa trabaho, kaperahan, pamilya, kalusugan, at sariling pagpapaunlad. Samantala, ang mga *coping strategies* naman ay sariling pagpapaunlad, pagsasaaayos ng trabaho, pananampalataya, pamamahala ng kaperahan, at sosyal na suporta. Ang mga pangunahing pinaghuhugutan naman ng lakas o *resilience resources* nang mga manggagawa sa *Microfinance Industry* ay pamilya, sarili, pananampalataya, trabaho, at lipunang kinabibilangan nila.

Naanyayahan din si Dr. Decenteceo ng *Institute of Spirituality in Asia* (ISA) na magbigay ng *workshop* tungkol sa Pagdadala at ispiritalidad. Ang mga kalahok ay galing sa iba't ibang organisasyon tulad ng mga religious sector, NGO, at mga lay person. Ayon kina Decenteceo at Rañeses (2017), sa *workshop*, ang mga kalahok ay (1) nagbahagi ng kanilang depinisyon ng ispiritalidad, (2) inunawa ang Modelo ng Pagdadala, (3) iginuhit ang kanilang Pagdadala, (4) iginuhit ang kanilang ispiritalidad gamit ang Modelo ng Pagdadala. Ibinahagi din ng mga kalahok kung saan pa magagamit ang Pagdadala. Sa kabuuan, may mga iilang matingkad na aspeto ang napansin. Tulad ng (1) paggamit ng Pagdadala upang pag-usapan ang ispiritalidad ay mas nagtutulak sa mga kalahok upang mas malalim na pagnilayan ang kanilang mga karanasan; (2) madaling nailapat ng mga kalahok ang modelo upang pag-usapan ang kanilang buhay, karanasan, at ispiritalidad. Mula sa mga kalahok sinabi nila na ito ay “bukal”, “parang tubig” na umaakma sa napiling lalagyan, at “atin ito” ang ilan sa kanilang nasabi; (3) ang mga kalahok ay pinag-uusapan ang kanilang ispiritalidad sa perspektibo ng buhay na karanasan; (4) binibigyang linaw ng Modelo ng Pagdadala ang ispiritalidad ng mga kalahok. Gayun din napagnilayan at natulungang linawin ang ibang aspeto katulad ng kanilang mga karanasan, kahalagahan,

at hangarin ng kanilang ispiritwalidad. Mula sa mga nabanggit nila Decenteceo at Rañeses (2017), maaring gamitin ang balangkas ng pagdadala upang mapag-usapan ang ispiritwalidad ayon sa kanilang mga natatanging karanasan sa buhay o lived experiences.

Nilinaw ni Verzosa (2012), na dahil simple ang mga terminong ginamit at hindi alien sa wika o kulturang kinalakhan, angkop din ang Modelo ng Pagdadala na magamit para sa mga pagsasanay ng mga pinuno o tagapag-aruga sa komunidad nang hindi kinakailangan maging batayan ang antas ng pinag-aralan. Nabanggit din ni Decenteceo (2015), batay sa kanyang karanasan, ang kuwento o Modelo ng Pagdadala ay nagagamit din sa mga proseso ng *team building*, *organization development*, at *project planning*.

Mula sa mga pag-aaral na nabanggit, makikita na madalas na magamit ang Modelo ng Pagdadala sa mga pagsasanay sa iba't ibang organisasyon at institusyon. Ito ay naging gabay sa pagtatasa, pagdisenyo, pamamaraan, at pagsusuri sa mga pagsasanay. Nabanggit din ni Decenteceo (2015) na mula sa kanyang karanasan, ito ay na nagamit na din sa mga team building, OD at project planning.

Gamit at Lapit sa Sikolohiyang Pang-edukasyon

Ang Pagdadala Model ay nakakatulong at nagagamit din sa mga programa sa loob ng paaralan. Tinalakay nila Vardeleon at Merejilla (2019) sa libro nilang may pamagat na *“Integrating Mental Health in the School Culture”* ang mga programa para masuri ang mga katayuang pangkaisipan ng mga mag-aaral tulad ng *Focus Group Discussions* (FGD), *Teacher Meetings*, at *Consultations*. Ang Pagdadala Model ay maaring iangkop sa mga ito sa pamamagitan nang pagtukoy sa mga Dinadala, Pagdadala, at Kalakasan. Hinalimbawa nila ang pag-aaral nila Cardíño at Dela Cruz (2018) na may layuning maunawaan ang kalusugan pangkaisipan ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa isang local na pamantasan sa kalakhang Maynila. Sa pamamagitan ng *Psychosocial Response Training* at FGD, tinampok sa kanilang pag-aaral ang mga deskriptibong tugon ng mga mag-aaral bilang kanilang mga suliranin at pinaghuhugutan ng lakas. Batay dito ang mga pangunahing suliranin ay tumutukoy sa pinansyal, sarili, pamilya, pag-aaral o edukasyon, at kalusugan. Sa kabilang banda, lumabas na ang sarili, pamilya, ispiritwalidad o pananampalataya, kaibigan, at kasintahan ang pangunahing pinaghuhugutan naman ng tibay, tapang, at tatag ng loob.

Nilayon ni Cardíño (2020) na maunawan ang kalusugan pangkaisipan ng mga Mag-aaral at mga Manggagawa ng De La Salle Philippines (DLSP) sa antas ng Basic Education sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga pangunahing pinagdadaanang suliranin at hamon sa buhay ng mga ito. Sinuri din ni Cardíño (2020) ang paraan sa pagtulay ng dinadala, at ang pinaghuhugutan ng tibay, tapang, at tatag ng loob ng mga Mag-aaral at ng mga Manggagawa. Binubuo ng 32 kalahok na kaagapay sa pagdaloy ng pananaliksik

na kumakatawan sa 16 na paaralan ng DLSP. Ang mga kalahok ay mula sa Basic Education Commission (BEC) ng DLSP na binubuo ng mga Punong-guro, Koordineytor, at Kinatawan ng paaralang kabilang at nasasakupan ng La Salle System sa buong bansa. Gamit ang Metacard na pangunahing instrumento sa pananaliksik at Thematic Analysis, tinampok ang mga deskriptibong tugon mula sa pananaw ng mga kalahok. Batay dito, ang sampung (10) pangunahing dinadala ng mga Mag-aaral ay tumutukoy sa Pamilya, Pag-aaral, Kaibigan, Romantikong Pakikipagugnayan, Pinansiyal, Sarili, Teknolohiya, Bullying o pananakot, Kasarian at Sekswalidad, at Pakikipagugnayan sa Ibang Tao. Samantalang ang pitong (7) dinadala ng mga Manggagawa ay sa usaping Hanap-buhay, Pinansiyal, Pamilya, Kalusugan, Romantikong Pakikipagugnayan, Sarili, at Pag-aaral. Sa proseso ng pagtulay sa dinadala, Pansariling Pagpapaunlad, Pananampalataya, Pamilya, Kaibigan, Paaralan, Tulong Propesyunal, at Teknolohiya ang walong (8) pamamaraan sa pagkaya ng mga dinadala ng mga mag-aaral. Pansariling Pagpapaunlad, Panglipunang Kalinga, Pananampalataya, Pagpapahinga, Pamamahala sa Oras, Pamamahala sa Pinansyal, at tulong Propesyunal ang pitong (7) pamamaraan naman ang tinukoy ng mga Manggagawa. Sa kabilang banda, ang limang (5) pagunahing pinaghuhugutan ng lakas ng mga Magaaral ay Kaibigan, Pamilya, La Sallian Community, Pananampalataya, at Teknolohiya, at sa Manggagawa naman ay Pamilya, La Sallian Community, Kaibigan, Pananampalataya, at Sarili. Mapapansin sa pag-aaral na mayroong malaking pagkakahalintulad ang mga pinaghuhugutan ng lakas ng Mag-aaral at ng mga Manggagawa.

Sa pinakabagong pag-aaral nila Cardíño, Cuambot, at Bacaoco (2022), sinuri nila ang mga Dinadala, Pagdadala, at ang Patutunguhan ng mga Nagdadala o ang mga 244 na pangpublikong Guro at Tagapamahala sa lalawigan ng Palawan sa Pilipinas. Gamit ang Modelo ng Pagdadala ni Decenteceo (1997, 1999), tinukoy nila ang tatlong aspeto para ilarawan ang karanasan ng mga kalahok sa panahon ng pandemyang COVID-19. Gamit ang serbey at Thematic Analysis tinampok ang mga matitingkad na karanasan ng mga kalahok sa pag-aaral. Sa mga natipon na datos, pinapakita na ang Dinadala ng mga Nagdadala ay nakatuon sa mga temang tungkol sa kalusugan, hanapbuhay, pinansyal, sarili, at pamilya. Samantalang sa pamamaraan kung paano pinanghahawakan ng mga Nagdadala ang natukoy na Dinadala or ang Pagdadala ay naka-tema naman sa pagpapaunlad ng sarili, pangangalaga sa sarili, pananampalataya, mga protokol sa pamayanan, at iba pang posibleng mapagkukunan ng pangkabuhayan. Sa huli, natukoy nila ang mga pinaghuhugutan ng lakas ng mga Nagdadala gamit ang aspeto ng Patutunguhan at ito naman ay naka tema tungkol sa pamilya, pananampalataya, lipunan, sarili, at hanapbuhay.

Ang mga programa katulad ng FGD, Teacher Meetings, at mga Consultation ay ilan lang sa maaring gamitan ng Modelo ng Pagdadala sa Sikolohiyang Pang-edukasyon. Nagagamit din ang modelo bilang gabay sa pagtingin sa kalusugang pangkaisipan ng mga mag-aaral, guro, manggagawa, at mga tagapamahala ng mga paaralan.

Gamit at Lapit sa Komunidad

Ang pag-aaral ni Noguera (2010) ay may kinalaman sa pag-unawa sa isang proseso ng komunidad sa Kalamansig, Sultan Kudarat, ang pintakasi. Ayon kay Noguera (2010), ang pintakasi ay pagtutulungan ng mga tao upang tumugon sa pangangailangan ng komunidad na pakikinabangan ng lahat na walang kahit anong personal na interes. Bahagi ng pag-aaral ang magamit ang pintakasi upang makatugon sa iba pang pangangailangan ng komunidad maliban sa tradisyonal nitong gamit. Kasama sa pagsubok sa paggamit ng pintakasi sa hindi tradisyonal na gawain ay ang maidagdag ang mga proseso ng pagpapalano gamit ang pintakasi at pagsusuri sa mga gawain na ginamitan din ng pintakasi. Ang mga proseso ay tumugon sa mahigpit na pangangailan ng mga tao, ang usaping pangkapayapaan. Ang komunidad ng mga magsasaka at mangingisda ng Kalamansig ay dumaranas ng suliranin sa kahirapan, at gayundin sa paglusob o panggugulo ng mga MILF (rebeldeng Muslim). Ang pag-aaral na ito na gumamit ng pagsubok sa pintakasi ay tumugon sa pangkapayapaang suliranin ng mga tao. Layunin sa pag-aaral ni Noguera (2010) na makita ang gampanin ng isang sikolohista o ng counselor sa loob ng komunidad na nakikibaka sa isang mahirap na hamon ng buhay. Natuklasan sa pag-aaral na ang pag-unawa at paggamit ng pintakasi ay nagbunga sa mga sumusunod: (1) namulat ang mga naging bahagi ng pag-aaral na binubuo ng 33 na komunidad na mayroon silang pintakasi, (2) naging positibo ang paggamit ng pintakasi na may pagpapalano at pagsusuri upang tumugon sa hindi tradisyonal na gamit (*TPO reorganization, TPO conflict management, TPO community consultation for peace, community disaster planning in Sangay, Sangay community prayer meeting for peace, and evacuation center activities*), at (3) nagbukas din ito ng mga bagong pananaw sa maaaring gampanan ng isang sikolohista sa isang komunidad gamit ang proseso ng mga tao ang pintakasi.

Bukod sa pintakasi, tulad ng nabanggit ni Verzosa (2012), nakakatulong ang modelong ito sa pagproseso ng mga kabataang nag-aaral at ng mga nasa lansangan, mga komunidad na nasalanta ng disaster, mga boluntir, at mga kawani ng NGOs, POs, at LGUs. Ang Modelo ng Pagdadala ay isang praktikal na gabay sa pagtugon sa mga iilang suliranin sa komunidad na maaring magamit ng mga tagapag-aruga nito, gaya ng mga barangay health workers (BHW), social worker, guro, taong-simbahan, at iba pa.

Gamit sa *Psychological First Aid* (PFA)

Ang Pagdadala Model ay maari ding iangkop sa Psychological First Aid o PFA. Ayon kina Landoy, Hechanova, Ramos, at Kintanar (2015), isang aspeto nang PFA ay pakikinig sa pangangailangan at alalahanin (dinadala) ng mga nakaligtas sa mga sakuna o mga *burden bearer* (nagdadala). Ang layunin ng PFA ay matulungan ang mga *survivors* na makamit ang kanilang self-efficacy na kaparehas sa layunin ng Pagdadala o *burden-bearing* ni Decenteceo (1999). Dahil dito, ang Pagdadala Model ay maituturing din na

community-based mental health and psychosocial support model ayon na din sa panayam ng mga mananaliksik kay Verzosa (2015).

Ang pagkilala ng likas-kayang (sustainable) pagtulong sa mga naulila ay kayang magawa lamang sa pamamagitan ng pagsasanay ng mga tagakomunidad. Ginamit ni Verzosa (2010) sa pagsasanay ng mga barangay health worker, social worker, guro, taong-simbahan, at kawani ng *Local Government Unit* (LGU) ang Modelo ng Pagdadala upang higit nilang magabayan ang mga kabataan kahit wala silang pormal na pagsasanay sa konsepto ng troma, saykoterapi, at mga sanggunian. Sa pamamagitan ng dalumat ng Pagdadala, tinukoy ang mga dalahin (bigat ng kalooban), katangian ng mga nagdadala (naulila), at kalakbay (tagapag-alaga) gayundin kung paanong napapagaan ang mga dalahin sa pakikipaglakbay ng mga mananaliksik sa komunidad sa pagitan ng taong 2006 at 2008.

Ayon kay Decenteceo at Santiago-Saamong (2015), sa tuwing mayroong sakuna o kalamidad, madalas ang panawagan para sa mga *debriefing* o *psychological first aid*. At madalas sa mga ito ay nakabatay sa mga kanluraning konsepto. Ayon sa kanila, sa malalim na panayam ni Santiago (2013) sa mga anak na nawalan ng magulang, natuklasan nito ang tatlong prosesong pinagdadanaan ng mga ito. Ito ang Pagpapatuloy, Pagharap, at Pagtanggap. Ang tatlong prosesong ito ay hindi magkakasunod o magkakaugnay. Ibig sabihin, maaring maganap ang isang proseso kahit hindi pa nagaganap ang ibang proseso. Ang Pagpapatuloy ay ang pag-usad ng isang indibidwal sa abot nang makakaya nito upang matugunan ang kanyang sariling mga obligasyon at tungkulin. Ang proseso ng Pagharap naman ay ang muling pagpasok ng isang nasalanta sa alaala ng mga malungkot na karanasan upang damahin ang mga emosyon, imahe, o mga nasasaisip na kaugnay rito. Samantala, ang proseso ng Pagtanggap ay ang pagkilala sa nangyari o pinagdaanan ng isang kalamidad. Sinaad nila Decenteceo at Santiago-Saamong (2015) na mapapalalim ang pag-unawa sa mga prosesong ito kung ililinya sa Modelo ng Pagdadala ang isang narrative ng commitment. Kung kaya, naipagpapatuloy ang pagdadala sa kabila ng isang masama o natatanging karanasan. Ang emosyon o pakiramdam bunsod ng karanasan ay may Dalahin. Ngunit, ang mga dalahing ito maaaring hindi muna harapin ng isang *survivor* o nakaligtas sa sakuna o delubyo. Kung gagamitin naman ang konsepto ng Pagdadala bilang narrative na binubuo ng isang indibidwal, ang Pagtanggap ay nangangahulugan na binabago ng *survivor* ang kanyang narrative.

Madaling gamitin ang Modelo ng Pagdadala sa mga panawagan sa debriefing at PFA, lalo't tuwing pagkatapos ng mga sakuna, dahil likas at hindi alien ang wikang ginamit dito. Makakatutulong ang pagsasanay sa mga tagapag-aruga ng komunidad sa paggamit ng modelong ito at sa pag-angkop nito sa mga sitwasyong kanilang nararanasan. Ang modelo ay maaring gamiting pagtugon nang isang propesyunal o kahit ng isang tagapag-aruga ng komunidad kahit ito ay walang malalim na pagsasanay o lisensiya.

Lapit sa Ispiritwalidad

Sinasabi sa Chan Buddhism na ang lahat ng tinuturo ni Buddha ay tungkol sa “true mind” at “deluded mind.” Ang “true mind” ay maaari ding tawaging “unconditioned mind,” “non-processing mind,” o “unattached mind,” at makakamit sa pamamagitan ng meditation, at nauunawaan sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga turo ni Buddha. Ang “true mind” ay hindi lumilikha ng pangalan, pangtawag, kategorya, hangganan, paghahambing (kapareho man o kasalungat), at pamantayan o paghuhusga. Masasabing ito ay walang laman o “empty”. Hindi layunin sa meditation ng Budismong Chan ang pagbaba ng stress, pag-relaks o paghanap ng katahimikan, at kapayapaan. Bagkus, layunin nito na dapat maranasan ang “true mind”. Sa isang pag-aaral ni Decenteceo (2014), inugnay niya ang pangunahing ideya ng Budismong Chan, ang “true mind” sa narrative ng Pagdadala. Kapag ang isang Pilipino ay nakakaranas ng hirap o hamon sa buhay, tumutulong ang sikohista, o counselor, o ang isang therapist sa bawat aspeto ng Pagdadala. Nililinaw sa kliyente ang mga sumusunod: ang Dinadala, ang Nagdadala, ang Patutunguhan, ang Pagdadaan, at ang Pinagdadaan. Pinapayagan ng “true mind” ang pagsusuri o pagtingin na bukas at malaya sa mga aspeto nito. Dahil ang “true mind” ay tinuturing na “empty” wala itong kinikilingan, walang inaasahan, walang nakikitang obligasyon, at walang pinipilit. Sa paglinaw sa mga aspeto, maaring magpapatuloy sa Pagdadala sa mas magaan na pamamaraan. Sa pagdaan naman ng isang tao sa mahihirap nitong kalagayan, napapahinahon o napapanatag siya ng Chan meditation. Ang pagsasanay sa meditation para makamit ang “true mind”, kasabay ng pag-aaral at pag-unawa dito, ay maaaring makadagdag ng mga pamamaraan ng Pagdadala at makatulong sa pagpapagaan ng Pagdadala ng bawat Pilipino.

Ayon din kay Decenteceo (2015), bilang isang “lived experience” o buhay na karanasan, ang ispiritwalidad ay isang kuwento ng Pagdadala. Sa mga kwento ng mga kalahok, ang mga dinadala ay relasyon sa isang itinuturing na kabanalan, sa mahihirap, sa kalikasan, sa mga kababaihan, o sa mga katutubo. Ang mga nararanasan o nararamdaman ay maaari ring maging dinadala kung saan ang mga mahihirap o mabigat na karanasan ay nailalarawan sa pagsasabi ng “Ang bigat ng dinadala ko.” Nilinaw ni Decenteceo (2017) ang kwento ng Pagdadala ay gumagamit ng ispiritwalidad na balangkas (sa pamamagitan ng mga tema ng Pagdadala), at pamamaraan (pagkukuwento) na hiyang o angkop sa mga Pilipino.

Ang modelo ng pagdadala ay malinaw na tumitingin sa mga buhay na karanasan ng mga naglalahad. Maraming mga pag-aaral ang nagpapahayag ng kahalagahan ng pananampalataya sa katatagan ng mga indibidwal. Ang mga kuwento ng kanilang karanasan ay isang ispiritwalidad ayon kay Decenteceo (2015).

TALAKAYAN

Makikita na napaka-daynamiko nang Modelo ng Pagdadala ni Decenteceo (1997) upang mabuo ang pitong temang tungkol sa lapit at gamit nito. Sa kinasapitan nang pananaliksik na ito, ang pitong nabuong tema ay ang mga sumusunod: (1) Gamit sa Sikolohiyang Pang-klinikal; (2) Lapit sa Sikolohiyang Pang-klinikal; (3) Gamit at Lapit sa Sikolohiyang Pang-industriya; (4) Gamit at Lapit sa Sikolohiyang Pang-edukasyon; (5) Gamit at Lapit sa Komunidad; (6) Gamit sa Psychological First Aid (PFA); at (7) Lapit sa Ispiritwalidad.

Nahalaw ni Decenteceo (2010, 2015) ang Modelo ng Pagdadala (1997, 1999) mula sa pakikisalamuha sa mga biktima ng pang-aabuso sa karapatang pantao sa iba't ibang lugar sa ating bansa. Ang kuwento ng mga biktima ay tungkol sa pagpasan o pagbitbit ng kanilang mga dalahin. Sa pagsusuri ng kuwento ng kanilang Pagdadala o Pagdala, nakita ni Decenteceo na nagkukuwento sila tungkol sa kani-kanilang (1) sarili (ang nagdadala), (2) mga dinadala, (3) nais na patutunguhan ng mga dinadala, (4) pagdadaan para marating ang patutunguhan, (5) pamamaraan ng pagdadala, at (6) kasalukuyang pinagdadaan. Kung kaya't mapapansin na ang pangunahing dalawang tema ay angkop sa Sikolohiyang Pang-klinikal.

Gamit sa Sikolohiyang Pang-klinikal bilang unang tema ay tumutukoy sa gamit ng modelo ng pagdadala sa Depresyon sa pook rural (Alvarez, 2015), mga frustrations ng magulang sa kanilang anak (Acoba, 2016), sa mga kabataang may Asperger (Principe, 2012), sa mga karanasan ng mga kabataan sa paghihiwalay ng kanilang mga magulang (Camacho at Saludez, 2014), sa mga karanasan ng mga natatanging ina na may CSN (Dela Cruz, 2014), sa karanasan ng nagja-Japan at partner ng nagja-Japan (Mangaran, 2010; 2014), at Pagpapawatad (Valbuena, 2010). Nabanggit din ni Decenteceo (2015) na nagamit na parehas na modelo sa burnout, pagkaka-demoralays, sa pagtulong sa mga nasalanta ng bagyo at mga relasyong may mga banta.

Ang Lapit sa Sikolohiyang Pang-klinikal bilang pangalawang tema ay tungkol sa Paghihinga na mahalagang proseso ng *counseling* o ng *therapy*. Ayon kay Decenteceo (1997), ang Paghinga ay isang makabuluhang pamamaraan ng pagharap sa isang mahirap na sitwasyon. Tinukoy din ni Decenteceo at Mangaran (2016) na ang mga sikolohista o mga therapist ay maituturing na “propesyunal” na Mahihingahan. Sakop din sa tema na ito ang mga tungkulin ng mga Mahihingahan.

Ang pangatlong tema ay ang Gamit at Lapit sa Sikolohiyang Pang-industriya. Tinalakay sa temang ito ang paggamit ng Modelo ng Pagdadala sa mga pagsasanay sa *Psychosocial Processing* (Verzosa, 2012), *Stress and Coping Management* (Cardiño, 2012),

at sa Ispiritwalidad (Decenteceo at Rañese, 2017). Ang modelong ito din ay magagamit sa mga pagsasanay ng mga pinuno o tagapag-aruga sa komunidad (Verzosa, 2012) at sa mga proseso ng *team building, organization development, at project planning* (Decenteceo, 2015).

Pang-apat na tema ay ang Gamit at Lapit sa Sikolohiyang Pang-edukasyon. Sakop nito ang mga mag-aaral, guro, at mga kawani ng mga paaralan. Naiiangkap ang Modelo ng Pagdadala sa mga *Focus Group Discussion (FGD), Teacher Meeting, at Consultations* para matukoy ang mga Dinadala, Pagdadala, at Kalakasan ng mga Nagdadala (Vardeleon at Merejilla, 2019).

Ang Gamit at Lapit sa Komunidad ang panglimang tema. Ito ay may mga kinalaman sa pag-unawa sa Pintakasi bilang isang proseso ng komunidad. Ang Pintakasi ay pagtutulungan ng mga tao upang tumugon sa pangangailangan sa komunidad na pakikinabangan ng lahat at walang kahit anong personal na interes (Noguera, 2010). Ang Modelo ng Pagdadala ay tumulong sumubok sa Pintakasi upang tumugon sa pangkapayapaang sulirinanin ng mga tao.

Gamit sa *Psychological First Aid (PFA)* ang pang-anim na tema. Dito, naangkop ang Modelo ng Pagdadala sa PFA. Parehas ang layunin ng PFA at ang Modelo ng Pagdadala (Landoy, Hechanova, Ramos, at Kintanar, 2015) kung kaya't ito din ay maituturing na *community-based mental health and psychosocial support* (Verzosa, 2015). Sa pamamagitan ng pagsasanay ng mga taga-komunidad (*barangay health worker, social worker, guro, taong-simbahan, at kawani ng LGU*) gamit ang dalumat ng pagdadala, matutukoy nila ang mga dalahin, katangian ng mga nagdadala, at mga kalakbay kahit wala silang pormal na pagsasanay sa konsepto ng troma, saykoterapi, at mga sanggunian.

Ang huli ay Lapit sa Ispiritwalidad bilang pangpitong tema. Ayon kay Decenteceo (2015) and ispiritwalidad ay isang "*lived experience*" kung kaya maituturing itong isang kuwento ng pagdadala. Kapag ang isang Pilipino ay nakakaranas ng hirap ng buhay, tumutulong ang isang counselor o therapist sa iba't ibang aspeto ng Pagdadala (Decenteceo, 2014). Ang pagsasanay sa meditation ng Budismong Chan para makamit ang "*true mind*", kasabay ng pag-aaral at pag-unawa sa "*true mind*" ay maaaring makadagdag ng mga pamamaraan ng Pagdadala at makatulong sa pagpapagaan ng Pagdadala ng mga Pilipino.

KONGKLUSYON

Ang Modelo ng Pagdadala ni Dr. Edwin T. Decenteceo ay daynamiko at malaya. Maaring i-angkop sa iba't ibang programa sa iba't ibang sektor at antas ng lipunan dahil simple ang mga terminong ginamit. Ito ay ganap at angkop sa gamiting (applied) sikolohiya gaya ng sikolohiyang pang-klinikal, sikolohiyang pang-industriya, at sikolohiyang pang-edukasyon. Nagagamit ang Modelo ng Pagdadala sa kasanayan sa larangan ng sikolohiya gaya ng psychological *first aid*, *counseling*, pagsasanay, pagpapalano ng mga proyekto, panayam, pananaliksik, pagtuturo, pag-aalaga, at marami pang iba. Ganap at angkop din ito sa mga usapin tungkol sa komunidad at ispiritwalidad.

Masayang tignan na malaya at mapagalaya ang konsepto ng Sikolohiyang Pilipino. Dahil dito ang Modelo ng Pagdadala ay maari pang pagyabungin dahil ito ay hango sa karanasan nang mga Pilipino, at ang bawat indibidwal ay may kanya-kanyang kuwentong dinadala.

SANGGUNIAN

- Alvarez, K. G. (2010). Pagdanas sa Depresyon sa Pook Rural. *Ika-35 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Sikolohiyang Pilipino: Sa Isip, Sa Salita, at Sa Gawa* (p. 44). Lungsod ng Baguio: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Aquino, C. C. (2007). Mula sa Kinaroroonan: Kapwa, Kapatiran, at Bayan sa Agham Panlipunan. In A. M. Navarro, & F. Lagbao-Bolante, *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw* (pp. 201-240). Quezon City: C & E Publishing, Inc.
- Arellano-Carandang, M. L. (2001). *Filipino Children Under Stress, Family Dynamics and Therapy*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Arellano-Carandang, M. L. (2019). The “Tagasalo” or “Mananalo” Syndrome. In R. Pe-Pua, *Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino, Bolyum 2: Gamit* (pp. 219-229). Quezon City: The University of the Philippines Press.
- Blanco, K. F., & Acoba, E. F. (2016). Kwento ng mga Magulang: Frustration sa Anak. *Ika-41 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Paghulog at Pag-imbulog: SP bilang Malaya at Mapagmalayang Sikolohiya* (p. 106). Lungsod ng Maynila: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

- Camacho, R. L., & Saludez, M. A. (2014). Karanasan ng Kabataan sa Paghihiwalay ng Kanilang mga Magulang. *Ika-39 na Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, pinoy Values: Mula sa Pagpapakatao Tungo sa Pakikipagkapwa-Tao* (p. 85). Lungsod ng Maynila: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Cardiño, H. C. (2020). Pang-unawa ng Basic Education Commission sa Estado ng Kalusugang Pangkaisipan sa mga Paaralan ng La Salle. *5th Psychology Congress, Sustainable Self Overcoming Challenges Throughout Time* (pp. 26-27). City of Malabon: De La Salle Araneta University.
- Cardiño, H. C. (2020). Psychological Burdens, Coping Strategies, and Resiliency Resources in the Microfinance Industry. *5th Psychology Research Congress, Sustainable Self Overcoming Challenges Throughout Time* (pp. 16-17). City of Malabon: De La Salle Araneta University.
- Cardiño, H. C., & Dela Cruz, M. J. (2018). Pagharap ng Kabataan ng Kalookan sa Hamon ng Buhay. *Ika-43 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Katinuan, Kalihisan, Kalusugan: Ang Mental Health sa Konteksto ng Kultura, Lipunan, at Sikolohiyang Pilipino* (p. 89). Lungsod ng Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Cardiño, H. C., Cuambot, J. I., & Bacaoco, J. R. (2022). Public School Teachers and Adminsitrators Well-being during the COVID-19 Pandemic. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 4 (1), 560-568. <https://doi.org/10.5281/zenodo.7098293>
- Cardino, H. C., Cuambot, J. I. V., & Bacaoco, J. R. A. (2021). Pagdadala ng mga Pampublikong Guro at Tagapamahala sa Palawan sa Panahon ng Pandemyang COVID-19. *Ika-45 na Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, #Tindogtayo: Pagbangon at Paninindigan para sa Sarili, Kapwa, at Bayan* (pp. 39-40). Tacloban: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Decenteceo, E. (1999). The Pagdadala Model in Counseling and Therapy. *Philippine Journal of Psychology*, 89-104.
- Decenteceo, E. (2010). Pagdadala. *Ika-35 na Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Sikolohiyang Pilipino: Sa Isip, Sa Salita, at sa Gawa* (p. 38). Lungsod ng Baguio: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Decenteceo, E. T. (1997). *Rehab: Psychosocial Rehabilitation for Social Transformation, Some Programs and Concepts*. Quezon City: A BUKAL Publication.

- Decenteceo, E. T. (2014). Ang Pagdadala at ang Budismo: Pagbibigay-Linaw. *Ika-39 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Pilipino Values: Mula sa Pagkakatao Tungo sa Pagkikipagkapwa-Tao* (pp. 65-66). Lungsod ng Maynila: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Decenteceo, E. T. (2015). Pagdadala at Spiritwalidad: Paano mo Iku-kuwento ang Iyong Spiritwalidad. *Ika-40 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Kaisahan at Kaibahan sa Kaakuhan: Sikolohiya ng Identidad Bilang Pilipino, Identidad ng Sikolohiyang Pilipino* (pp. 88-89). Lungsod ng Davao: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Decenteceo, E. T. (2017). Pag-amuma: Bagong Modelo ng Pag-aaruga. *Ika-42 Pambansang Kumperensiyasa Sikolohiyang Pilipino, Gahum: Ang Sikolohiyang Pilipino sa Usaping Kapangyarihan* (p. 82). Lungsod ng Dumaguete, Negros Oriental: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Decenteceo, E. T., & Mangaran, A. M. (2014). Ang Paghilinga at ang Propesyunal na Counselor. *Ika-39 na Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Pinoy Value: Mula sa Pagpapakatao tungo sa Pakikipagkapwa-Tao* (p. 67). Lungsod ng Maynila: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Decenteceo, E. T., & Mangaran, A. M. (2016). Ang Propesyunal na Mahihingahan. *Ika-42 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Paghulagpos at Pag-Imbulog, SP Bilanag Malaya at Mapagpalayang Sikolohiya* (p. 101). Lungsod ng Maynila: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Decenteceo, E. T., & Rañeses, B. R. (2017). Ispiritwalidad sa Perspektibo ng Pagdadala: Isang Workshop. *Ika-42 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Gahum: Ang Sikolohiyang Pilipino sa Usapan at Usaping Kapangyarihan* (pp. 83-84). Lungsod ng Dumaguete, Negros Oriental: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Decenteceo, E. T., & Santiago-Saamong, C. R. (2015). Isang Panukala sa Three-Process View ng Rehabilitasyon. *Ika-40 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Kaisahan at Kaibahan sa Kaakuhan: Sikolohiya ng Identidad bilang Pilipino, Identidad ng Sikolohiyang Pilipino* (pp. 68-69). Lungsod ng Davao: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

- Decenteceo, E. T., Maranan, N., Raymundo, M. G., & Santiago-Saamong, C. R. (2016). Paghahalaw: Isang Taal na Proseso ng Pagtuklas ng mga Taal na Konsepto. *Ika-41 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Paghulagpos at Pag-Imnulog: SP Bilang Malaya at Mapagpalayang Sikolohiya* (p. 69). Lungsod ng Maynila: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Decenteceo, E., & Maranan, N. (2011). Paghahalaw: Isang Panimulang Pananaliksik. *Ika-36 na Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Sikolohiyang Pilipino: Kahapon, Ngayon at Bukas* (pp. 51-52). Lungsod ng Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Dela Cruz, C. R. (2014). Ang Pagdadala: Ang Kwento ng Natatanging Ina ng mga Children with Special Needs (CSN). *Ika-39 na Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino* (pp. 68-69). Lungsod ng Maynila: Pambansang Samagan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Enriquez, V. G. (2008). *From Colonial to Liberation Psychology, The Philippine Experience*. Quezon City: The University of the Philippines Press.
- Enriquez, V. G. (2018). Kapwa: A Core Concept in Filipino Social Psychology. In R. Pe-Pua, *Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino, Bolyum 1: Perspektibo at Metodolohiya* (pp. 287-292). Quezon City: The University of the Philippines Press.
- Enriquez, V. G. (2018). Mga Batayan ng Sikolohiyang Pilipino sa Kultura at Kasaysayan. In R. Pe-Pua, *Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino, Bolyum 1: Perspektibo at Metodolohiya* (pp. 5-18). Quezon City: University of the Philippines Press.
- Landoy, B. V., Hechanocva, M. R., Ramos, P. A., & Kintanar, N. S. (2015). The Application and Adaptation of Psychological First Aid: the Filipino Psychologists' Experience After Typhoon Haiyan. *Philippine Journal of Psychology, Special Issue on Disasters and Mental Health*, 81-104.
- Lardizabal, A. S. (1989). *Sikolohiya sa Filipino*. Lungsod ng Maynila: Rex Book Store.
- Mangaran, A. M. (2010). Pagdadala at ang Pagunawa ng Nagjajapan. *Ika-35 na Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Sikolohiyang Pilipino: Sa Isip, Sa Salita at Sa Gawa* (p. 38039). Lungsod ng Baguio: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

- Mangaran, A. M. (2014). Pagdadala at Pagiging Tapat: Isang Silip sa Pagsasama ng Nagja-Japan at Kanyang Partner. *Ika-29 na Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino* (pp. 64-65). Lungsod ng Maynila: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Navarro, A. M., & Lagbao-Bolante, F. (2007). *Mga babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*. Quezon City: C & E Publishing, Inc.
- Noguera, R. (2010). Pintakasi: Pagdadala ng Komunidad ng Kanyang Sariling Lakas. *Ika-35 na Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Sikolohiyang Pilipino: Sa Isip, Sa Salita at Sa Gawa* (p. 39). Lungsod ng Baguio: Pambansang Samhan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Pe-Pua, R. (2019). Indigenous Research: Practice and Advocacy. In R. Pe-Pua, *Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino, Bolyum 2: Gamit* (pp. 10-26). Quezon City: The University of the Philippines Press.
- Pe-Pua, R., & Protacio-Marcelino, E. (2018). Sikolohiyang Pilipino: Pamana ni Virgilio G. Enriquez. In R. Pe-Pua, *Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino, Bolyum 1: Perspektibo at Metodolohiya* (pp. 158-179). Quezon City: University of the Philippines Press.
- Principe, G. (2012). Pagdadala ng Ginhawa at Kabuoan sa mga Bata at Kabataang may Asperger sa Pamamagitan ng Pagsabay. *Ika-37ng Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Tibay, Tapang at Tatag: Pagharap ng Pinoy sa mga Hamon ng Buhay* (p. 86). Lungsod ng Batangas: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Santiago, C. E., & Enriquez, V. G. (2018). Tungo sa Maka-Pilipinong Pananaliksik. In R. Pe-Pua, *Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino, Bolyum 1: Perspektibo at Metodolohiya* (pp. 411-415). Quezon City: The University of the Philippines Press.
- Taguibao, J. G. (2019). Ang Kapwa, Loob, at Ugnayang Politikal ng Pangulo at Mamayan Batay sa Pagsusuri ng mga Talumpati ng Pangulo mula 1986 hanggang 2013. In R. Pe-Pua, *Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino, Bolyum 2: Gamit* (pp. 533-558). Quezon City: The University of the Philippines Press.
- Udarbe, M. H. (2001). The TAGASALO Personality. *Philippine Journal of Psychology*, 45-65.
- Valbuena, L. V. (2010). Pagpaptawad. *Ika-35 na Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Sikolohiyang Pilipino: Sa Isip, Sa Salita at Sa Gawa* (p. 38). Lungsod ng Baguio: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Vardeleon, K. R., & Merejilla, J. (2019). *Integrating Mental Health in the School Culture*. Quezon City: Central Book Supply, Inc.

Verzosa, L. (2010). Kalakbay sa Pagdadala ng mga Naulila ng Guinsaugon Landslide. *Ika-35 na Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Sikolohiyang Pilipino: Sa Isip, Sa Salita, at sa Gawa* (pp. 39-40). Lungsod ng Baguio : Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

Verzosa, L. R. (2012). Pagdadala bilang Katutubong Modelo ng Psychosocial Processing. *Ika-37 na Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Tibay, Tapang at Tatag: Pagharap ng Pinoy sa mga Hamon ng Buhay* (p. 113). Lalawigan ng Batangas: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

HINGGIL SA MAY AKDA

Si **G. HENMAR C. CARDIÑO** ay isang *Registered Psychometrician* at isa sa mga kinilala ng *Psychological Association of the Philippines* (PAP) bilang *Certified Specialist in Industrial Psychology at Assessment Psychology*. Siya ay kasalukuyang kumuha ng *Doctor of Philosophy in Psychology major in Industrial Psychology minor in Clinical Psychology* sa *Polytechnic University of the Philippines* (PUP), kung saan siya ay nakapagtapos din ng *Master in Psychology Major in Industrial Psychology*. Kumuha din siya ng *Diploma in Industrial Relations* sa *University of the Philippines* (UP)-Diliman, at nakapagtapos ng *B.S. Psychology Major in Guidance and Counseling* sa *University of Caloocan City*. Siya ay kasalukuyang nagtuturo bilang *Instructor 3* sa *Department of Psychology* ng *University of Santo Tomas*, at kumakatawan bilang Pangalawang Pangulo ng PUP-Ugnayang Samahan sa Dalubisipan (PUP-USaD), Ingat-Yaman ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), at Tagapayo ng Tatsulok-Alyansa ng mga Mag-aaral sa Sikolohiyang Pilipino.

Si **G. JOHN MARK S. DISTOR** ay isang *Associate Professor V* at dating *Director* sa *Office of the Student Services*, at Chairperson ng digradwado, masterado, at doktoradong programa ng Sikolohiya sa *Polytechnic University of the Philippines* (PUP). Siya ay nakapagtapos ng *B.S. Industrial and Organizational Psychology, Master in Psychology major in Industrial Psychology*, at *Doctor in Business Administration* sa PUP. Siya din ay nakapagtapos ng *Doctor of Philosophy in Psychology major in Educational Psychology, Summa Cum Laude* sa *La Concolacion University of the Philippines*. Siya ay nakapagturo na ng Sikolohiya at Pamamahala ng Negosyo sa ibat-ibang Unibersidad sa bansa. Siya ay naging Tagasuri at Editor, at nakapaglathala na sa ibat-ibang lokal at internasyonal na *Journals*. Karagdagan, siya din ay isang *National Lecturer* para *Psychometrician board examination, Regional Quality Assurance Assessor* ng *Commission of Higher Education* (CHED), *National Accreditor* ng *State Colleges and Universities* sa Pilipinas, *Consultant* ng Human Resource and Organizational Development ng mga pribado at gobyerdong institusyon, *Certified Assessor* ng *ISO 30414:2018 Human Capital Reporting*, at *Certified Six Sigma Yellow Belt*.